# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 11, 2021, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President-sick |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 22 OCT 2021 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 10-22-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 422-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 4 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION I, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 38-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 8-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P136,000.00 MULA SA REHABILITATION OF DRAINAGE CANAL (P46,000.00) AT REHABILITATION OF REMOVABLE COVER OF CANAL (P90,000.00) UPANG ILAAN PARA SA WELFARE GOODS EXPENSES NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion I na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 38-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 8-T2021 na may kabuuang halagang P136,000.00 mula sa Rehabilitation of Drainage Canal (P46,000.00) at Rehabilitation of Removable Cover of Canal (P90,000.00) upang ilaan para sa Welfare Goods Expenses ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Efren L. Diaz (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Patrocinia S. Kalaw at Kgg. Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 4 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion I, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 38-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 8-T2021 na may kabuuang halagang P136,000.00 mula sa Rehabilitation of Drainage Canal (P46,000.00) at Rehabilitation of Removable Cover of Canal (P90,000.00) upang ilaan para sa Welfare Goods Expenses ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Poblacion I, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 11, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 10/21/21